**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

# KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 08-143

**KAPASIYAHAN NA IPINAGKAKALOOB ANG APLIKASYON PARA SA AKREDITASYON NG NAGKAKAISANG SAMAHAN NG MGA DYIPNI OPERATORS AT DRAYBERS NG CUPANG MUNTINLUPA INC., (NASA-DCMI) WITH LEGAL TERMINAL NA MATATAGPUAN SA #236 MONTILLANO ST., ALABANG, LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

******************************************************************************************

Ipinanukala nina:
***Kgg. Kon. Melchor R. Teves***
***Kgg. Kon. Allen F. Ampaya***
***Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon***
***Kgg. Kon. Margarita Amythyst Patdu-Labios, M.D***
***Kgg. Kon. Mggl. Icasiano M. dela Rea***
***Kgg. Kon. Ermie S. Espeleta***
***Kgg. Kon. Marita Deang-Calalang, DMD***
***Kgg. Kon. Francis Ian T. Bagatsing***
***Kgg. Kon. Joselito V. Arevalo***
***Kgg. Kon. Luvi P. Constantino***
***Kgg. Kon. Marissa Cole-Rongavilla***
***Kgg. Kon. Mamerto T. Sevilla, Jr.***
***Kgg. Kon. Vergel C. Ulanday***
***Kgg. Kon. Robert A. Abas***
***Kgg. Kon. Cezar V. Pagkalinawan***
***Kgg. Kon. Dann Henry G. Teves***

******************************************************************************************

**SAPAGKAT,** Alinsunod sa *Seksiyon 34* ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991, ***"tungkulin ng Lokal na Pamahalaan na itaguyod ang pagtatatag at operasyon ng mga pangmamamayan at di-pangpamahalaang samahan upang maging aktibong kasangga sa paghahangad ng local na awtonomiya"****;*

**SAPAGKAT,** isinasaad ng ***Kautusang Panlungsod Bilang 01-024*** na kinakailangang kumuha ng akreditasyon ang mga may-ari, namamahala at nagmamaneho ng mga pampublikong sasakyan na naghahanapbuhay sa loob ng Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** ang NAGKAKAISANG SAMAHAN NG MGA DYIPNI OPERATORS AT DRAYBERS NG CUPANG MUNTINLUPA INC., (NASA-DCMI)ay isang samahan na naglalayon ng serbisyong pang-transportasyon sa mga mamamayan na bumibiyahe sa Lungsod ng Muntinlupa, matapos itong makakuha ng prangkisa sa *Land Transportation Office Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTO-LTFRB)*;

**SAPAGKAT,** ang NAGKAKAISANG SAMAHAN NG MGA DYIPNI OPERATORS AT DRAYBERS NG CUPANG MUNTINLUPA INC., (NASA-DCMI)ay sumasang-ayon, sumusunod at di lumalabag sa mga probisyon ng ***Ordinance No. 05-040****,* na inamyendahan ng ***Ordinance No. 06-093*** ng Sangguniang Panlungsod;

**SAPAGKAT,** ang samahan ay nagsumite ng kumpletong dokumento na hinihingi at kinakailangan ng nasabing ordinansa para sa akreditasyon;

**SAPAGKAT,** ang akreditasyon ng NAGKAKAISANG SAMAHAN NG MGA DYIPNI OPERATORS AT DRAYBERS NG CUPANG MUNTINLUPA INC., (NASA-DCMI) ay magsisimula sa petsa ng pagpapatibay ng resolusyon na ito at magkakabisa ng ***tatlong (3) taon***;

**SAPAGKAT,** ang pagbibigay ng akreditasyon sa NAGKAKAISANG SAMAHAN NG MGA DYIPNI OPERATORS AT DRAYBERS NG CUPANG MUNTINLUPA INC., (NASA-DCMI) ay bilang pagkilala lamang ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa sa kanilang samahan at di-pagbibigay pahintulot upang maging ganap ang kanilang layunin nang walang mga kaukulang dokumentong ipinagkakaloob ang Land Transportation Office-Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTO-LTFRB) para sa operasyon ng pangtransportasyong serbisyo;

**NGAYON DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN,** ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa na ipinagkakaloob ang aplikasyon para sa akreditasyon ng NAGKAKAISANG SAMAHAN NG MGA DYIPNI OPERATORS AT DRAYBERS NG CUPANG MUNTINLUPA INC., (NASA-DCMI) na matatagpuan sa #236 MONTILLANO ST., ALABANG, LUNGSOD NG MUNTINLUPA.

**PINAGPASIYAHAN PANG MULI**, na mabigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang nasabing samahan.

**PINAGTIBAY,** ng 5th *Sangguniang Panlungsod* ng *Muntinlupa* ngayong ika-**2** ng **Hunyo, 2008,** sa ginanap na **ika-35** Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**KON. ALLEN F. AMPAYA**
*Miyembro*

**KON. ALLAN REY A. CAMILON**
*Miyembro*

**KON. MARGARITA AMYTHYST PATDU-LABIOS, MD**
*Miyembro*

**KON. MELCHOR R. TEVES**
*Miyembro*

**KON. MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Miyembro*

**KON. ERMIE S. ESPELETA**
*Miyembro*

**KON. MARITA DEANG-CALALANG, DMD**
*Miyembro*

**KON. FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Miyembro*

**KON. JOSELITO V. AREVALO**
*Miyembro*

**KON.LUVI P. CONSTANTINO**
*Miyembro*

**KON. MARISSA COLE-RONGAVILLA**
*Miyembro*

**KON. MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Miyembro*

**KON. VERGEL C. ULANDAY**
*Miyembro*

**KON. ROBERT A. ABAS**
*Miyembro*

**KON. CEZAR V. PAGKALINAWAN**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**KON. DANN HENRY G. TEVES**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**LIBAN:**

**KON. MA. LUISA BABARAN-ECHAVEZ, M.D.**
*Miyembro*

**KON. MGGL. REY E. BULAY**
*Miyembro*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**LEONORA M. MARCELO**
*Legislative Staff Officer IV*

**PINATUTUNAYAN:**

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
Punonglungsod
Petsa. ___________

***Norie/***